



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG UNANG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 04 ENERO 2006, IKA-9.20 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Cesar T. Baticos	- Tagapangulo
Konsehal Agustin L. Cusi	
Konsehal Eduardo K. Soriano	
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.	
Konsehal Juan S. Advincula	
Konsehal Hernan C. Erorita	
Konsehal Gemar C. Montesa	
Konsehal Jovito D. Estrada	
Konsehal Larry V. Salazar	- Pangulo, Liga ng Barangay
Konsehal King Philip B. Dimapilis	- Pangulo, Pambayang Federasyon ng Sangguniang Kabataan

Hindi Nakadalo:

Konsehal Mae Arlene M. Talens

KAPASYAHAN BLG. 002
Taong 2006

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NG YUMAONG POLICE INSPECTOR ERNESTO ABELGAS QUINTINIO, RETIRADONG PULIS NG TANGGAPAN NG PULISYA NG ROXAS, SILANGANG MINDORO

SAPAGKAT, si Police Inspector Ernesto Abelgas Quintinio ay naglingkod bilang isang alagad ng batas sa loob ng dalawampu't anim (26) na taon;

SAPAGKAT, ang paglilingkod niyang ito bilang tagapaglilingkod ng kupayapaan at kaayusan ng bayan ay nagsimula noong Abril, 1971 kung saan siya ay nahirang bilang Patrolman sa Tanggapan ng Pulisya ng Roxas.

SAPAGKAT, dahil sa kanyang kasipagan at katapatan sa sinumpaang tungkulin siya ay unti-unting naitaas sa posisyon hanggang maging Police Inspector.

SAPAGKAT, sa buong panahon ng kanyang panunungkulan bilang alagad ng batas, hindi niya inalintana ang mga panganoib sa kanyang buhay upang maisagawa lamang ang nararapat para sa ikabubuti ng mga mamamayan.

SAPAGKAT, ang kanyang pagpanaw ay isang malaking kalungkutan at kawalan sa kanyang butihing maybahay at mga anak at sa mga dating kasamahan sa tanggapanang kinabibilangan;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng bayang ito, ang mga namumuno at mga kawani ay nagpapasa ng pakikiramay ni pakikidalamhati sa pamilya at sa mga kaanak ng namayapang Ernesto Abelgas Quintinio.


DAHIL DITO, sa mungkahi ni Konsehal Larry V. Salazar na sinang ayunan ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasiyang ito na ipasabot sa mga naulila ng pumanaw na Police Inspector Ernesto Abelgas Quintinio, retiradong pulis ng Tanggapan ng Pulisya ng Roxas, Silangang Mindoro ang taupusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng bayang ito


IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kay Gng. Flordeliza Raymundo Quintinio lakip ang uning taupusong pakikiramay at pakikidalamhati.

Pinagtibay ng lahat: 04 Enero 2006


PINATITIBAYANG WASTO:


FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:


CESAR T. BATICOS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:


JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan